The Cooperative Office For Call & Guidance
at Al-Olaya, Sulaimaniah & North Riyadh
Under The Supervision of
Ministry of Islamic Affairs,
Endowment, Call & Guidance

Pilipino
(Tagalog)

ANG KATOTOHANAN TUNGKOL KAY

# HESUS

ni:

Dr. Maneh Hammad Al-Johani

Tel.: 4704466 - 4705222 Fax : 4705094
P. O. Box : 87913 Riyadh : 11652
Kingdom of Saudi Arabia
E-Mail : dawa_nr@hotmail.com

# ANG KATOTOHANAN TUNGKOL KAY

# HESUS

باللغة الفلبينيه ( تاجالوج )


**Ni**

**Dr. Maneh Hammad Al-Johani**

**Salin sa Pilipino**

**Ni**

**Abdullatif E. Arceo**

© The Cooperative Office for Call, Guidance and Edification of Expatriates in North Riyadh, 1998

*King Fahd National Library Cataloging-in-Publication Data*

Al-Johani, Maneh Hammad

Ang katotohanan tungkol kay .-2nd ed. .-Riyadh.

.... p., ... cm

ISBN: 9960-787-11-7

1- Islam and Christianity 2- Jesus Christ I- Title

214.27 dc 1769/19

**Legal Deposit no. 1769/19**
**ISBN : 9960-787-11-7**

Mga Sipi sa Banal na KORAN

- Ipagbadya: 'O Angkan ng Kasulatan! Halina kayo at tayo'y makipagkasundo sa isa't isa: na tayo'y huwag sumamba sa iba maliban sa Diyos: na tayo'y huwag magtambal ng anupaman sa Kanya: at sinuman sa atin ay huwag umasam ng iba pa bilang Panginoon, maliban sa Diyos. At kung sila'y magsitalikod, inyong ipagsulit: Maging saksi kayo na kami ay Muslim (na tumatalima sa Kanya)'. (Koran 3: 64).
- Sila'y nagsisipagsaysay: 'Ang Diyos ay nag-angkin sa Kanyang sarili ng anak!' Luwalhatiin Siya! Siya'y hindi nangangailangan. Siya ang may kapamahalaan ng lahat ng bagay na nasa kalangitan at kalupaan: wala kayong karapatan sa mga ito. Nagsasalita baga kayo ng tungkol sa Diyos gayong kayo'y walang kaalaman? (Koran 10: 68).
- O Angkan ng Kasulatan! Bakit kayo'y di sumasampalataya sa mga Tanda ng Diyos, gayong kayo na rin sa inyong sarili ang siyang saksi? (Koran 3: 70).
- O Angkan ng Kasulatan! Bakit ninyo kinikilapulan ang katotohanan ng kamalian at tinatakpan ninyo ang katotohanan gayong kayo ang may kaalaman? (Koran 3: 71).
- Mga Sipi sa HADITH

  Si Abu Hurairah ay nag-ulat na ang sugo ni Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagwika: "Ako ang pinakamalapit na kaanak ni Hesus, anak ni Maria, sa mundong ito at sa susunod. Ang mga propeta ay magkakapatid, na mga anak ng iisang ama sa iba't ibang asawa. Ang kanilang mga ina ay iba–iba ngunit ang kanilang relihiyon ay isa. Wala ng iba pang propeta sa pagitan namin." (Bukhari at Muslim).
- Si Abu Hurairah ay nag–ulat na ang sugo ni Allah (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nag–ulat: "Sa pamamagitan Niya na naghahawak sa Kanyang kamay ng aking kaluluwa, di magtatagal, ang 'anak ni Maria' ay mananaog sa inyo bilang makatarungang hukom. Wawasakin niya ang mga krus, papatayin niya ang mga baboy at pawawalang saysay niya ang jizya (isang uri ng buwis na binabayaran ng isang pamayanan na tumatanggap ng proteksiyon sa mamamahalang Muslim ngunit ang mga kapanalig ay di yumayakap sa Islam), at ang mga kayamanan ay mabubuhos ng lubusan hanggang sa dumating na ang sinuman ay ayaw tumanggap niyaon, at isang sajda (ang ayos sa pagdarasal ng Muslim na ang noo ay nakasubsob sa lupa), ay higit na mabuti sa mundo at nilalaman niyon". (Bukhari at Muslim).

# PABALAT

Ang pagkakahidwa tungkol sa katauhan ni Hesukristo ay siyang pinakamalaking pagkakaiba ng Islam at Kristiyanismo. Ang ganitong pagkakaiba ay nagpanatili sa mga tagasunod ng dalawang relihiyon upang magkalayo. Ang mga Muslim ay tumatanaw kay Hesus bilang isang dakilang Propeta ng Diyos at nagmamahal at gumagalang sa kanya ng katulad din ng pagmamahal at paggalang kay Abraham, Moses at Muhammad. Ang mga Kristiyano, sa kabilang banda, ay nagtuturing kay Hesus bilang Diyos o anak ng Diyos, isang konsepto na hindi maaring matanggap ng Muslim. Ang Islam ay nagtuturo na si Hesus kailanman ay hindi nagpamarali ng gayong pag–aangkin sa kanyang sarili. Bilang isang bagay ng katotohanan ang lahat ng mga pangunahing doktrina ng Kristiyanismo na itinatakwil ng Islam ay natutuon sa katauhan ni Hesus. Bilang natatangi, ito ay ang mga sumusunod:

1. Trinidad (o tatlo sa pagka–persona)
2. Ang pagka–Diyos ni Hesus
3. Ang pagiging Diyos–anak ni Kristo
4. Ang orihinal na Sala, at
5. Ang Pagkatubos ng Kasalanan ng Tao

Maliwanag na ang lahat ng ganitong mga doktrina ay siyang naging bunga ng malabis na pagpaparangal kay Hesukristo ng mataas pa sa ninanais ng Diyos para sa kanya. Ang ganitong pagkakaiba na natutuon sa katauhan ni Hesus ay nagpakulimlim sa maraming pagkakahawig sa gitna ng Kristiyanismo at Islam. Ang ilang halimbawa ay sa moral na pamamaraan (sistema) at ang pagbibigay diin sa mga makataong prinsipyo. Ito ay higit pang natakpan ng mga paniniwala na ang Muslim ay naggawad kay Hesukristo tulad ng Pagkapanganak ni Hesus mula sa Inang Birhen na nagawang makapagsalita noong siya'y nasa duyan pa, na nagsagawa ng mga himala, at ang pangalawang pagparito ni Hesukristo.

Ang sumusunod na dalawang sanaysay ay naglalayon na maipahayag ang tunay na larawan ni Hesus sa Islam at upang maipaliwanag kung bakit ang mga Kristiyano ay lumihis sa kanyang orihinal na aral. Ang unang sanaysay ay nagbabadya rin na maraming iskolar at mga mapanuri, na magpahanggang sa ngayon ay nasa loob ng Kristiyanismo ay unti-unti ng dumating sa pagsang-ayon sa Islamik na pananaw tungkol kay Hesus, na sa maraming pagkakataon ay di nila nahihinuha. Ito ay tumutugon sa aking pananalig

na habang ang pang–agham at pang–Bibliyang pag–aaral ay sumusulong, ito'y nakapagdaragdag upang higit silang sumang–ayon sa Islam. Samakatuwid, ang katotohanang pang–Islamik ay higit na nagiging tunay sa pagdaraan ng panahon. Ang Diyos sa Banal na Koran ay nagpahiwatig nito sa sumusunod na talata:

*"Ipamamalas Namin sa kanila ang Aming mga Tanda hanggang sa pinakamalayong hangganan ng sangkalupaan, at sa kanilang mga kaluluwa, hanggang sa tumambad sa kanila na ito ang katotohanan." (Koran 41: 53).*

M. J.

* * * * *

## PAMBUNGAD

Ang Islamik na pananaw kay Hesus ay nagigitna ng dalawang magkalayong agwat. Ang mga Hudyo, na nagtatakwil kay Hesus bilang isang Propeta ng Diyos, ay nagtaguri sa kanya bilang impostor (nagpapanggap). Ang mga Kristiyano, sa kabilang panig, ay nagturing sa kanya bilang anak ng Diyos at sumamba sa kanya bilang gayon. Ang Islam ay nagtuturing kay Hesus bilang isa sa mga dakilang Propeta ng Diyos at nagbibigay galang sa kanya ng katulad ng paggalang kay Abraham, Moses at Muhammad. Ito ay naaangkop sa punto ng Islamik na pananaw nang pagiging isa ng Diyos, nang pagiging isa ng maka–Diyos na patnubay, at ang magkaka–ugnay na bahagi ng magkakasunod na pahayag ng mga sugo ng Diyos. Ang pinakabuod ng Islam, na walang iba kundi ang kusang pagtalima sa nais ng Diyos, ay ipinahayag kay Adan at siya rin ay nagpahayag nito sa kanyang mga angkan. Ang mga sumunod na rebelasyon na ibinigay kay Noe, Abraham, Moses, Hesus at panghuli kay Muhammad ay naaayon sa gayong pahayag at kapupunan sa ilang pagliliwanag upang mabigyang paliwanag ang kaugnayan ng Tao at Diyos, ng tao sa tao, ng tao sa kanyang kapaligiran, at ang mamuhay ng alinsunod sa mga tagubilin ng Diyos, Kaya nga't ang anumang pagkakasalungatan sa gitna ng mga ipinahayag na relihiyon ay itinuturing ng Islam na mga kagagawan ng tao na isinanib sa ganitong relihiyon. Ang kinalalagyan ni Hesus sa tatlong dakilang relihiyon: Ang Hudaismo, Kristiyanismo at Islam ay di marapat na ibukod.

Bagama't ang Koran ay di nagtatambad ng lahat ng naging pamumuhay ni Hesus, ito ay nagtatampok sa mga mahahalagang bahagi ng kanyang pagsilang, ng kanyang layunin, ng pag–akyat niya sa langit, at naghatid ng pagpapasya sa kapaniwalaang Kristiyano tungkol sa kanya.

## SI MARIA

Ang pagkakalahad ng Koran tungkol kay Hesus ay nagsimula sa pagdadalangtao ng kanyang ina, si Maria. Ang asawa'ni Imran, na ina ni Maria ay sumumpa na ihahandog niya ang kanyang anak (Maria) tungo sa pagsisilbi sa Diyos sa templo. Si Zacarias, na sumusubaybay kay Maria, ay malimit na makakita ng pagkain sa kanya. Nang itanong niya kung saan nanggagaling ito, siya (Maria) ay sumagot na ito ay mula sa Diyos. Ang talata ng Koran ay nagsasaysay:

*At nang ang asawa ni Imran ay nagsulit: "Aking Panginoon, ibinibigay ko sa Inyo ang banal kong pangako, na ihahandog ko sa inyo ang nasa loob ng aking sinapupunan. Mangyaring tanggapin Ninyo, sapagkat Kayo lamang ang Nakakarinig, ang Nakakaalam". At nang siya ay magsilang sa kanya, siya ay nagturing: "Aking Panginoon, ako ay nagsilang ng isang babae... At pinangalanan ko siya ng Maria, at hinihingi ko ang Inyong pangangalaga sa kanya, at sa magiging anak niya laban sa isinumpang si satanas. Ang kanyang Panginoon ay tumanggap sa bata (Maria) ng may malaking biyaya, at sa Kanyang pangangalaga siya ay lumaki sa kabutihan, sa pagsubaybay ni Zacarias. Kailanma't si Zacarias ay tumutungo sa santuwaryo kung saan siya naroroon, ay natatagpuan niyang mayroong siyang pagkain. Siya ay nagsabi: "O Maria, saan baga nanggagaling ang iyong pagkain?". Si Maria ay nagsulit: "Ito ay mula sa Diyos". Katotohanang ang Diyos ay nagbibigay ng Kanyang biyaya sa Kanyang maibigan ng walang pasubali. (Koran 3: 35–37).*

## ANG MAGANDANG BALITA NG PAGSILANG NI HESUS

Nang si Maria ay naging ganap ng dalaga, ang Banal na Espiritu (ang Arkanghel Gabriel) ay nagpakita sa kanya sa anyo ng isang lalaki na naghatid sa kanya ng balita ng isang anak na lalaki. Matutunghayan natin ang mga sumusunod na pag–uusap ni Maria at ng mga anghel sa Koran:

*Nang ang mga anghel ay nagbadya: "O Maria!, ang Diyos ay naghahatid sa iyo ng magandang balita ng Kanyang Salita, na ang pangalan ay Mesiyas, si Hesus, ang anak ni Maria, na may mataas na karangalan sa sanlibutang ito at sa Kabilang Buhay, at isa sa mga ibinilang na malapit sa Diyos. Siya ay mangungusap sa sangkatauhan mula sa kanyang duyan, at sa kanyang paglaki, at siya ay lalagi ng matuwid". Si Maria ay nagturing: "O Panginoon ko!, paano mangyayaring ako'y magkaroon ng anak gayong sinuman ay di pa sumiping sa akin?" Siya (ang Diyos) ay nagsulit: "Mangyari nga!" Ang Diyos ay lumilikha ng anumang Kanyang maibigan. Kung Siya ay mag–utos sa isang bagay, Siya'y magbabadya lamang: "Mangyari nga!", at mangyayari nga. (Koran 3: 45–47).*

Ipinagdalangtao ni Maria ang bata ng mahimala at pumaroon siya sa malayong lugar habang hinihintay niya ang araw ng kanyang pagsisilang. Sa kapitulo ng Koran na may pamagat na "Maria", ito ay nagsasaysay sa atin kung ano ang dinanas ni Maria at kung ano ang ipinangusap ng mga Hudyo ng dalhin niya ang bata sa kanilang lugar:

*At ipinagdalangtao ni Maria siya at sila'y pumaroon sa malayong lugar. At ang sakit ng pagsisilang ay naghatid sa kanya sa paanan ng puno ng palmera. Si Maria ay nagturing: Mabuti pang pumanaw na ako bago nangyari ito*

*at sana'y isa akong bagay na nawala at lumipas. Di naglaon ay mayroong isang nangusap sa kanyang paanan na nagsasabi: Huwag malumbay! Ang iyong Panginoon ay naglagay ng isang batis sa iyong paanan, at iyong yugyugin ang punong palmera sa iyong harapan at mangahuhulog ang hinog at sariwang bunga (dates), at ikaw'y kumain at uminom at maging masigla. At kung makatagpo ka ng sinuman, ikaw ay magsulit: "Gumawa ako ng banal na pangako sa Pinakamaawain at di makapangungusap sa sinumang tao sa araw na ito". At sumunod doon ay dinala niya ang sanggol na kanyang kilik sa kanyang pamayanan; at sila'y nagbadya: "O Maria ikaw ay dumating na may dalang sanggol! O kapatid ni Aaron, ang iyong ama ay di tampalasang tao ni ang iyong ina ay maruming babae!" At si Maria ay tumuro sa sanggol; ngunit sila ay nagwika: "Paano kami makapangungusap sa isang sanggol na nasa duyan pa, isang batang paslit?" At ang sanggol ay nangusap: Tunay, ako ang tagapaglingkod ng Diyos; ang Diyos ay naggawad sa akin ng Kasulatan at nagsugo sa akin bilang Propeta. Gayon din naman ay biniyayaan Niya ako saan man ako pumaroon, at pinag–utusan niya ako upang manalangin sa Kanya at maglimos sa kawanggawa habang ako'y nabubuhay, at ginawa Niya akong maging masunurin sa aking ina at di Niya ako pinahintulutan na maging palalo o maging tampalasan. Sumaakin nawa ang kapayapaan sa araw ng aking pagsilang, sa araw ng aking pagpanaw at sa araw na ako'y muling bubuhayin! (Koran 19: 22–33).*

**HINDI (SIYA) ANAK NG DIYOS**

Sa gayong ding kapitulo na sumunod sa mga nabanggit sa itaas na sinipi sa Koran, ang Diyos ay tumiyak kay Muhammad at sa buong sangkatauhan na ang mga nabanggit sa itaas ay siyang 'katotohanan' kay Hesus bagama't ang mga Kristiyano ay maaaring di maniwala rito. Si Hesus ay hindi anak ng Diyos. Siya, na lantad na ganap, ay anak ni Maria. Ang mga talata ay nagpatuloy:

*Siya si Hesus, ang anak ni Maria, ito ang salita ng katotohanan tungkol sa kanilang pinagdududahan. Hindi isang katumpakan sa Kataasan ng Diyos na magkaroon Siya ng anak. Purihin Siya! Kung Siya'y mag–utos ng isang bagay, Siya'y magwiwika lamang, "Mangyari nga", at ito'y magaganap. (Koran 19: 34–35).*

Pagkatapos ng ganitong matimyas na pangungusap tungkol sa kalikasan ni Hesus, ang Diyos ay nagtagubilin kay Muhammad na manawagan sa lahat ng mga Kristiyano tungo sa isang makatarungang ugnayan: ang sumamba sa iisang Diyos:

*Katotohanang ang Diyos ang aking Panginoon, at inyong Panginoon, kaya't paglingkuran Siya. Ito ang matuwid na landas. (Koran 19: 36).*

Ang pagtatakwil sa ideya na ang Diyos ay nagkaroon ng anak ay iniulat sa hulihan ng gayon ding kapitulo ng may higit na matibay na pananalita:

*At sila'y nagsisipagbadya: 'Ang Pinakamahahabagin ay nag-angkin sa Kanyang sarili ng anak. Katotohanang kayo'y nagbabadya ng nakasusuklam na bagay. Sa gayon, ang mga kalangitan ay mawawarak, at ang kalupaan ay mabibiyak at ang mga bundok ay nagsisiguho dahilan sa sila'y nagtuturing ng anak sa Pinakamahahabagin. Tunay ngang di marapat sa Kataasan ng Diyos, ang Pinakamahahabagin na Siya ay mag-angkin ng anak. Walang sinumang narito sa mga kalangitan at kalupaan ang dumatal na di alipin ng Pinakamahahabagin. (Koran 19: 88–93).*

Ang Koran ay kumikilala sa katotohanan na si Hesus ay walang ama ngunit hindi ito nangangahulugan na siya ay anak ng Diyos o Diyos sa kanyang sarili. Sa ganitong pamantayan, di ba si Adan ay higit na karapat-dapat na maging anak ng Diyos sapagkat siya ay walang ama o ina. Dahil dito ang Koran ay nag-aanyaya ng ating pansin sa mahimalang pagkalikha nila sa mga sumusunod na talata:

*Katotohanang ang kahalintulad ni Hesus, sa paningin ng Diyos, ay ang wangis ni Adan. Nilikha Niya siya mula sa alabok, at Siya'y nagturing: "Mangyari nga!", at siya'y nalikha. (Koran 3: 59).*

Ang Koran ay nagtatakwil sa konsepto ng Trinidad (o tatlo sa pagkapersona) kung paano ito matibay na nagtatakwil sa pagiging anak (ng Diyos) ni Hesus. Ito ay sa dahilang ang Diyos ay Iisa. Ito ang pinakabuod ng lahat ng monoteistikong rebelasyon. Ang tatlo, sa katwiran at payak na pagtutuos, ay di isa. Ang Koran ay nagpapahayag sa mga Kristiyano sa mga sumusunod na talata mula sa kapitulong may pamagat na "Ang Kababaihan".

*O angkan ng Kasulatan! Huwag magmalabis sa inyong relihiyon o magturing ng anuman sa Diyos liban sa Katotohanan. Ang Mesiyas, si Hesus na anak ni Maria, ay isa lamang sugo ng Diyos, at Kanyang Salita na ipinarating kay Maria, at espiritu mula sa Kanya. Kaya't sumampalataya sa Diyos at sa Kanyang mga sugo, at huwag magbadya ng "Trinidad". Mangagtimpi, ito'y makabubuti sa inyo! Ang kapurihan ay Kanya. Higit Siyang Mataas sa lahat (upang) magkaroon ng anak. Siya ang nag-aangkin ng lahat ng mga kalangitan at kalupaan. At ang Diyos ay sapat ng Tagapagtanggol.*

*Ang Mesiyas ay di makasusuway na paglingkuran ang Diyos, gayon din ang mga anghel na malapit sa Kanya. Sinumang sumuway upang paglingku-*

*ran Siya, at maging palalo, katotohanang sila'y ihaharap sa Kanya upang magsulit.*

*At sa mga sumasampalataya, at nagsisigawa ng matuwid, ay bibiyayaan Niya sila ng karampatang gantimpala, at higit pa Niyang bibigyan ng Kanyang biyaya; at sa mga sumusuway at mga palalo, ay parurusahan Niya sila ng masaklap na parusa; at sila'y di makasusumpong maliban sa Diyos, ng makapangangalagang kaibigan o kawaksi. (Koran 4: 171–173).*

Ang talata ay nagpatuloy upang hikayatin ang pansin ng mga tao, ng lahat ng mga tao, sa katibayan na ipinarating ni Muhammad. Batid ng Diyos na ang mga tao ay malimit na nakahahabi ng mga turol na ideya at paniniwala na nagtataglay, sa karamihan ng iba pang bagay, ng mga kamalian at pagpapakahulugan ng mga nangaunang henerasyon. Wala silang kaparaanan upang mapag–alaman ang kanilang mga kalisyaan sa kanilang sarili. Kaya nga't ang Diyos ay naghatid ng Koran bilang katibayan sa mga gayong tao. Ang Diyos ay nagbadya:

*O sangkatauhan! Katotohanang dumatal sa inyo ang lantad na katibayan mula sa inyong Panginoon, sapagkat ipinanaog Namin sa inyo ang nagliliwanag na Tanglaw. At sa mga sumasampalataya sa Diyos at nanangan sa Kanya, katotohanang sila'y tatanggapin ng Habag at Biyaya mula sa Kanya, at papatnubayan Niya sila sa matuwid na landas patungo sa Kanya. (Koran 4: 174–175).*

Ang pagtatakwil ng pagka–diyos ni Hesus (at sa gayong bagay, ng pagka–diyos ni Maria) ay inilahad sa Koran bilang isang paksa ng pag–uusap sa Araw ng Paghuhukom ng Makapangyarihang Diyos at ni Hesus. Ang lahat ng mga sugo at mga bansa ay titipunin sa harapan ng Diyos at Siya ay magtatanong sa mga sugo kung papaano silang tinanggap ng kanilang pamayanan at kung ano ang kanilang sinabi sa kanila (mga sugo). Ang isa sa mga tatanungin ay si Hesus:

*Nang ang Diyos ay mangusap: 'O Hesus na anak ni Maria!, ipinahayag mo ba sa sangkatauhan: "Sambahin ninyo ako at ang aking ina bilang diyos na kahati ng Diyos?" Si Hesus ay nagsulit: "Ang Kapurihan ay sa Inyo! Hindi marapat na ako'y magsalita sa mga bagay na wala akong karapatan. Kung sinabi ko ang bagay na ito , Kayo ang nakakaalam. Batid Ninyo ang nasa aking isipan at di ko mapag-aalaman ang nasa Inyong isipan, katotohanang Kayo ang Nakakaalam ng mga bagay na nalilingid".*

*Ipinagbadya ko lamang sa kanila ang mga bagay na ipinatutupad Ninyo sa akin, na magturing: "Sambahin ang Diyos, ang Panginoon ko at Panginoon ninyo. At ako ang saksi sa karamihan nila sa panahong ako'y kanilang*

*kasama–sama, at nang ako'y Inyong itaas sa Inyo, Kayo ang Tagapagmasid sa kanila. Kayo ang saksi sa lahat ng bagay".*

*"Kung sila'y Inyong parusahan, sila'y Inyong mga alipin, at kung sila'y Inyong patawarin, Kayo ang Pinakamakapangyarihan, ang Nakakaalam".*

*At ang Diyos ay nagbadya: "Ito ang araw na ang matatapat ay makikinabang sa pagsasabi ng katotohanan, sapagkat sasakanila ang mga Hardin na sa kabila noon ay may mga batis na nagsisidaloy, ang kanilang walang hanggang pananahanan, na ang Diyos sa kanila ay may kasiyahang lubos, gayon din sila sa Diyos. Ito ang dakilang tagumpay". (Koran 5: 116–119).*

**ANG MISYON NI HESUS**

Ngayon ay maitatanong: Kung ang Koran ay nagtatakwil sa Trinidad at pagka–diyos anak ni Hesus, ano ang tunay na misyon ni Hesus ayon sa Koran?

Si Hesus ay isa lamang sa sagka sa mahabang kawil ng mga propeta at sugo na isinugo ng Diyos sa iba't ibang lipunan at mga bansa kailanma't sila'y nangangailangan ng patnubay o nalilihis sa mga aral ng Diyos. Si Hesus ay tanging inihanda ng Diyos upang isugo sa mga Hudyo na lumilihis sa mga aral ni Moses at ng iba pang sugo. At sapagkat siya ay mahimalang sinubaybayan ng Diyos sa sinapupunan (ni Maria), sa kanyang pagsilang at paglaki, siya rin ay pinatnubayan ng Diyos ng maraming himala upang mapatibayan na siya ay sugo mula sa Diyos. Magkagayunman, ang karamihan sa mga hudyo ay nagtatakwil sa kanyang pangangaral. Ang Koran ay naglalahad sa atin ng tungkol sa misyon ni Hesus sa mga sumusunod na talata na siyang pagpapatuloy ng mga talata na sinipi natin sa una na nagsasaad ng magandang balita na ipinarating kay Maria:

*At tuturuan Niya siya (Hesus) ng Kasulatan at Karunungan at ng Torah (Lumang Tipan) at Injil (Bagong Tipan). At gagawin Niya siyang sugo sa angkan ng Israel na magsasabi: "Katotohanang ako'y pumarito sa inyo na may dalang tanda mula sa inyong Panginoon. Katotohanan na ako'y gagawa ng tulad ng ibon mula sa putik, at aking hihingahan yaon, at magiging ibon sa pamamagitan ng Diyos. At pagagalingin ko ang mga isinilang na bulag, at mga ketongin, at bubuhayin ko ang patay, sa pamamagitan ng Diyos. At ipagbabadya ko sa inyo ang mga bagay na inyong kinakain at anumang inimpok ninyo sa inyong tahanan. Katotohanang ito'y isang tanda sa inyo kung kayo'y mga mananampalataya. At pumarito ako sa inyo upang magpatotoo ng Batas (Lumang Tipan) na una sa akin, at upang gawin kong marapat sa inyo ang mga bagay na ipinagbawal sa inyo noong una. Pumarito ako sa inyo na may*

*dalang tanda mula sa inyong Panginoon, kaya't maging may pagkatakot sa Diyos; at ako'y inyong sundin. Katotohanang ang Diyos ang aking Panginoon at inyong Panginoon; kaya't paglingkuran Siya. Ito ang matuwid na landas". (Koran 3: 48–51).*

Sa iba pang talata ng Koran, si Hesus ay nagpapatotoo sa pagiging ganap ng Torah (Lumang Tipan) na ipinahayag kay Moses at naghatid din siya ng masayang balita ng pagdatal ng pangwakas na sugo na susunod sa kanya. Ito ay maliwanag na isinasaysay sa mga sumusunod na talata:

*At nang si Hesus na anak ni Maria ay nagturing: "O angkan ng Israel!, katotohanang ako ang Sugo ng Diyos sa inyo, na nagpapatotoo sa Torah (Lumang Tipan) na una pa sa akin, at nagbibigay sa inyo ng magandang balita ng isang sugo na susunod sa akin, na ang pangalan ay tatawaging 'ang ipinagkakapuri'." (ang may salungguhit na salita ay ang salin ng Ahmad, na siyang pangalan ng Propetang si Muhammad). (Koran 61: 6).*

Ang sugo na binabanggit ni Hesus na magbibigay ng masayang balita ay binabanggit din sa Bibliya ng Luma at Bagong Tipan. Ang Lumang Tipan ay nagtataglay ng maraming propesiya na naaangkop lamang sa Propetang si Muhammad. Sinipi ko lamang ang isa sa mga propesiya na tanging naaangkop sa Propetang si Muhammad at wala ng iba. Ang propesiyang ito na ipinahayag kay Moses ay nagsasabi na ang Diyos ay magsusugo mula sa mga 'kapatid' ng mga Israelitas, isang propeta na katulad ni Moses na magiging tagapagtatag, pinuno, at isang huwaran ng pamayanan ng mga mananampalataya. Matutunghayan natin ito sa Deutronomio; Kapitulo 18:

*"At hihirangin Ko para sa kanila ang isang propeta na katulad mo (Moses) mula sa karamihan ng kanilang 'kapatid'; at ilalagay Ko ang Aking Salita sa kanyang bibig, at siya'y magpapahayag sa kanila ng lahat ng Aking ipag–utos sa kanya. At sinumang hindi duminig ng Aking Salita na kanyang ipahahayag sa Aking pangalan, ay pananagutin ko sa Akin". (Deut. 18: 18–19).*

Ang sinuman na nakababatid sa naging pamumuhay ng Propetang si Muhammad, ay madaling makakikilala na walang sinuman ang naaangkop sa mga talatang yaon ng higit pa sa Propetang si Muhammad. Ang Propetang si Muhammad, at hindi si Hesus, ang siyang katulad ni Moses na ipinanganak mula sa pangkaraniwang magulang, siya'y nag-asawa, siya'y nagtatag ng ulirang pamayanan, nagpatupad ng dakilang batas at pumanaw sa likas na kamatayan.

Ang masusing pag–aaral ng Bagong Tipan ay nagpapakita na ang propetang ito (Muhammad) ay binabanggit din ni Hesus sa Juan 14: 16–17:.

*"At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan Niya ng ibang Mang-aaliw, upang siya'y sumainyo magpakailanman, samakatuwid baga'y ang Espiritu ng Katotohanan,*

Sa huli, sa higit na turol na paglalarawan ni Juan ng Espiritu ng Katotohanan at ang kanyang gagampanan, matutunghayan natin ito sa Juan 16: 13–14:

*Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng Katotohanan ay dumating ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagkat hindi siya magsasalita ng mula sa kanyang sarili; kundi ang anumang bagay na kanyang marinig, ang mga ito ay kanyang sasalitain: at kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. Luluwalhatiin niya ako...*

Ang mga salita ng propesiya ay hindi nagbibigay katuwiran sa konklusyon o pag–aakala na kalimitang ini–uukol sa propesiyang ito, na ito ay naaangkop sa Espiritu Santo. Ang paliwanag sa Espiritu Santo ay sinasalangsang ng naunang talata sa Juan na nagsasabi:

*Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagkat kung hindi ako yayaon, ang Mang-aaliw ay hindi paparito sa inyo... (Juan 16: 7).*

Maliwanag na binabanggit sa Bibliya na ang Espiritu Santo ay lagi nang dumadalaw sa mga tao bago pa dumating si Hesus at sa panahon ng kanyang pamumuhay. Si Juan ay natigib ng Espiritu Santo bago pa siya isilang at si Hesus na rin ay nakatanggap ng Espiritu Santo sa anyo ng isang kalapati.

Ang mga katangian ng Mang–aaliw na ito, na nanggaling na rin mula sa propesiya ay ang mga sumusunod:

1. Siya'y hindi paparito hangga't hindi yumayaon si Hesus.
2. Siya'y mananahan sa mga sumasampalataya sa habang panahon.
3. Luluwalhatian niya si Hesus.
4. Siya'y magpapahayag ng anumang kanyang marinig sa Diyos.

Ang ganitong mga katangian ay naaangkop lamang sa Propetang si Muhammad, na ipinakikita ng mga sumusunod na maigsing puna:

1. Ang Propetang si Muhammad lamang ang tanging sugo na sumunod kay Hesus. May anim na dantaon ang pagitan nilang dalawa. Ang misyon ni Hesus ay limitado lamang sa "mga nangawalang tupa ng angkan ng Israel", ngunit pangsantinakpan ang mensahe ni Muhammad. Ito ay nagpapaliwanag sa pangalawang katangian.

2. Tanging ang mensahe lamang ng Propetang si Muhammad ang ninais ng Diyos na maging pangsantinakpan at di magwawakas na mensahe. Ito ay naaayon sa pangungusap na ang Mang–aaliw ay mananatili sa mga sumasampalataya.

3. Wala ng iba pang propeta ang lumuwalhati kay Hesus ng higit pa sa ginawa ng Propetang si Muhammad. Ang mga Hudyo ay nagtaguri sa kanya bilang isang impostor (nagpapanggap) at kanilang pinaratangan ang kanyang ina ng imoralidad. Nagtangka sila na ipako siya sa krus. Ang Propetang si Muhammad ay nagturing kay Hesus bilang isang dakilang propeta at "Salita ng Diyos". Ang Koran ay nag–ukol sa kanya ng mga himala na hindi binabanggit sa Bibliya. Si Maria ay itinuturing na pinakamalinis na babae (sa kapurihan) at pinakamainam sa lahat ng babae sa paraiso. Samakatuwid, si Muhammad ay tunay na lumuwalhati kay Hesus.

4. Ang pang–apat na katangian ay maliwanag na nauukol din sa Propetang si Muhammad. Ang Koran ay ipinahayag sa Propetang si Muhammad sa pamamagitan ng Anghel na si Gabriel. Kung matapos na ang anghel sa pagsasaysay ng Koran, ang Propetang si Muhammad ay nagpapahayag nito sa kanyang mga kasamahan ng salita sa salita na kanyang narinig mula sa anghel na walang pagdaragdag, pagbabago o pagkalimot sa anumang bagay. Ang Koran ay naglalarawan din sa Propetang si Muhammad na nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay hindi magsasalita ng kanyang sariling pag–aakala. Siya'y mangungusap ng anumang ipahayag mula sa Kanya". (Koran 53: 3–4). Kung ihahambing natin ito sa: "Hindi siya magsasalita ng mula sa kanyang sarili", makikita natin ang namumukod na pagkakatugma ng mga katangian ng Mang–aaliw at mga katangian ng Propetang si Muhammad. Ang mga ito at iba pang mga propesiya sa Luma at Bagong Tipan ay nagsihula sa maliwanag na pananalita ng pagdatal ng Propetang si Muhammad na itinakwil ng mga Hudyo at Kristiyano ng batay lamang sa maling pagkaunawa at pagiging di makatarungan kaysa sa batayan ng masusing pag–aaral ng Bibliya, ng Koran at ng mga makabagong tuklas sa larangan ng pag–aaral sa paghahambing ng relihiyon.

## SI HESUS AY INI–AKYAT SA LANGIT

Ito ay nakalulungkot na katotohanan ng kasaysayan na marami ang hindi sumunod sa "tuwid na landas" na siyang panawagan ni Hesus sa kanyang pamayanan. Ang ilan niyang mga disipulo ay tumalima sa kanya at binigyang damdamin ng Diyos upang panigan siya. Hindi lamang ito, kundi gayon din naman ang mga di sumasampalataya ay nagpakana na siya'y patayin (katulad din ng kanilang ginawa kay Muhammad pagkaraan ng anim na dantaon),

subalit ang Diyos ay may higit na mainam na balak para sa kanya at sa kanyang tagasunod sa mga sumusunod na talata na matutunghayan natin sa Koran:

*At nang mapagtanto ni Hesus ang kanilang di pananalıg, siya ay nagturing: "Sino kaya baga ang makakatuwang ko sa layon sa Diyos?" Ang kanyang mga disipulo ay nagsulit: "Kami ang makakatuwang ng Diyos. Kami ay sumasampalataya sa Diyos, at buhay na saksi na kami ay tumatalima sa Kanya".*

*"O aming Panginoon! Kami ay sumasampalataya sa Inyong ipinahayag at tumatalima kami sa Inyong sinugo. Kami'y itala Ninyo sa mga sumasaksi sa katotohanan".*

*Ang mga di sumasampalataya ay nagbalak ng masama at ang Diyos din ay nagbalak laban sa kanila: at ang Diyos ang mainam sa lahat ng nagbabalak.*

*Nang ang Diyos ay magbadya: "O Hesus! Katotohanang kita'y Aking ipagsasama at i–aakyat sa Aking piling, at gagawin kitang malinis sa mga di sumasampalataya at gagawing Kong higit na mainam ang mga sumusunod sa iyo kaysa sa mga nagtatakwil ng pananampalataya hanggang sa Araw ng Pagkabuhay. At sa Akin kayo'y muling magbabalik, at kayo'y Aking hahatulan sa mga bagay na di ninyo pinagkasunduan."*

*"At sa mga hindi sumasampalataya ay parurusahan Ko sila ng kasindak–sindak na kaparusahan sa sanlibutang ito at sa Kabilang Buhay; at sila'y walang makakatuwang". (Koran 3: 52–56).*

Sa ipinahihiwatig ng mga talata sa itaas, si Hesus ay ini–akyat sa langit bago siya mamatay. Samakatuwid, ayon sa Koran, siya ay di napako sa krus. Ito ay binalak ng mga kaaway ni Hesus na siya'y mamatay sa krus, subalit iniligtas siya ng Diyos at ibang tao ang napako sa krus. Ang ganitong pakana at maling pagpaparatang kay Maria ay itinuturing ng Koran na ilan sa mga kasamaan ng di mananampalatayang Hudyo. Ang lahat ng ito ay maliwanag sa mga sumusunod na talata:

*At sa kanilang di pananampalataya, at sa kanilang pagsasalita kay Maria ng malaking kalapastanganan, at sa kanilang pagsasabi: "Pinatay namin si Hesus na anak ni Maria, na sugo ng Diyos". Datapuwat hindi nila siya napatay o naipako sa krus ngunit napag–akala lamang nila ng gayon, at katotohanang ang di sumasang–ayon doon ay puspos ng kawalang katiyakan; at sila'y walang kaalaman doon bagkus ay mga haka–haka lamang, at katotohanang siya'y di nila napaslang.*

*Sapagkat ini–akyat siya ng Diyos sa Kanyang piling; at ang Diyos ang Pinakamakapangyarihan, ang lubos na Maalam.*

*Walang sinuman sa Angkan ng Kasulatan ang maliliban na di mananalig sa kanya bago dumatal ang kanyang kamatayan, at siya ang magiging saksi laban sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay. (Koran 4: 156–159).*

Sino kung gayon ang taong napako sa krus sa halip ni Hesus? Ang Koran ay di nagbigay paliwanag sa ganitong bagay o nagbigay kasagutan kaya sa ganitong tanong. Ang ibang tagapagpaliwanag ng Koran ay nagmungkahi ng ilang pangalan. Datapuwa't ang mga ito ay mga pansariling pag–aakala lamang at di pinatitibayan ng Koran o ng mga sawikain ng Propetang si Muhammad.

Ito kung gayon ay nangangahulugan na si Hesus ay muling babalik sa Araw ng Paghuhukom. Muli, ang kanyang Pangalawang Pagparito ay hindi maliwanag na binabanggit sa Koran. Magkagayon man ang mga tagapag-paliwanag ng Koran ay nagpakahulugan sa huling talata na sinipi sa itaas: *"Walang sinuman sa angkan ng Kasulatan ang maliliban na di mananalig sa kanya bago dumatal ang kanyang kamatayan, at siya ang magiging saksi laban sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay"*, na nagpapahiwatig na si Hesus ay muling paparito at ang lahat ng mga Kristiyano at Hudyo ay mananalig sa kanya bago siya pumanaw. Ang ganitong pagpapakahulugan ay pinatitibayan ng mapananaligang sawikain ng Propetang si Muhammad.

## ANG MGA BAGAY NA DAPAT ISAALANG–ALANG

Pagkatapos na matunghayan ang ganitong paglalahad, ang isang sumasampalatayang Kristiyano ay maaaring makapagsabi: "Ito ang mga Muslim na nagsasabi ng tungkol kay Hesus, na aming itinuturing na pagano o di mananampalataya". Subalit ang tampok ng pananaw na ipinahahayag ng Koran ay nangangailangan ng matiim na pagsasaalang–alang, kahit ng ilan sa karamihan ng mga may tunay na damdamin sa Diyos, pananampalataya, at kahit na nga ang Kristiyano sa kanilang sarili dahil sa mga sumusunod na katuwiran:

1. Ang Koran ang siyang huling bersiyon ng rebelasyon ng Diyos, at ang sinasabi nito ang siyang sakdal na katotohanan. Ito ay maaaring walang gaanong kahulugan sa mga hindi naniniwala sa Koran bilang gayon. Mag-kagayunman, ang kasaysayan ng Koran, ang makabagong pagpuna sa kanyang teksto (pagkasulat) at pang–agham na pananaliksik ng nilalaman ng ganitong kasulatan ay hindi nag–iwan ng anumang pagdududa sa katotohanang tinataglay nito. Ang mga kalimitang pagpaparatang na ang Koran ay salita ni Muhammad, na sumipi ng kanyang kaalaman mula sa mga

pang-Hudyo at pang-Kristiyanong kasulatan, ay ginagawa ng mga taong hindi nakababatid ng kasaysayan ng daigdig, ng Koran o ni Muhammad. Ang unang salin ng Bibliya sa Arabik ay lumitaw pagkaraan ng dalawang dantaon na matapos ni Muhammad ang kanyang misyon. Tangi pa rito, kung idadagdag natin ang kamangmangan ni Muhammad (na hindi nakababasa at nakasusulat) at ang kakapusan ng mga pangrelihiyong aklat sa alinmang wika sa labas ng mga simbahan at templo noong ika–anim na dantaon ay mapag–uunawa natin ang kahangalan ng ganitong pagpaparatang.

2. Ang iisa at pangsanlibutang pahayag ng Diyos ay nangangailangan na ang lahat ng mga tao ay tumanggap sa lahat ng mga sugo ng Diyos. Ang pagtatakwil sa isa ay kasinghulugan na rin ng pagtatakwil sa lahat. Ang mga Hudyo ay nagtatakwil sa misyon ni Hesus at misyon ni Muhammad; ang mga Kristiyano ay nagtatakwil sa misyon ni Muhammad; datapuwa't ang mga Muslim ay tumatanggap sa kanilang lahat, ngunit nagtatakwil ng di wastong pagpapakahulugan ng kasaysayan at makataong elemento sa ganitong misyon.

3. Dahilan sa Koran, ang mga Muslim ay nagmamahal at gumagalang kay Hesus ng kagaya ng pagmamahal at paggalang nila kay Muhammad. Bukod pa rito, ang Koran ay nag–ulat ng ilang himala ni Hesus na hindi binabanggit sa Bagong Tipan sa ngayon. Halimbawa, upang banggitin ang ilan; ang Koran ay naglalahad sa atin na si Hesus ay nagsalita ng siya'y sanggol pa at nakapagtuturing siya kung ano ang kinakain at iniimpok ng mga tao sa kani–kanilang mga tahanan.

4. Isang pangkaraniwan ng kaalaman na ang pagka–Diyos ni Hesus ay ini–utos lamang ni Santo Pablo at ng kanyang tagasunod at itinatag sa mga patay na katawan ng milyong Kristiyano sa habang panahon ng kasaysayan na sumalansang sa kinikilalang pagpuna ni Castillo na "Hindi makatuwiran na sunugin ang tao upang patunayan ang isang doktrina".

5. Ang pagpili sa apat na ebanghelyo sa ngayon ay ipinatupad sa pulong na idinaos sa Nicea noong taong 325 A.D. sa ilalim ng pagtataguyod ng paganong si Emperador Konstantino dahilan sa pulitikal na layunin. Sa madaling salita, daan–daang ebanghelyo at pangrelihiyong kasulatan ang itinuturing na Apocrypha, alalaong baga'y ang mga aklat na di mapapanaligan ang nilalaman. Ang ilan sa mga aklat na ito ay sinulat ng mga disipulo ni Hesus. Kung ang mga ito ay di mapapanaligan ng higit pa sa apat na ebanghelyo, humigit kumulang ito ay katumbas lamang. Ang ilan sa mga ito ay matutunghayan pa sa ngayon katulad ng 'Gospel of Barnabas' at ang 'Shepherd of Hermas' na umaayon sa Koran.

6. Ang konsepto ng pagiging Isa at pagiging tao ni Hesus ay hindi lamang kinikilala ng mga Muslim kundi gayon din ng mga Hudyo at ng ilang nanga–unang pangkat ng Kristiyano katulad ng Ebionites, ng Basilidians, ng Capocratians at ng Hypisistarians, upang banggitin lamang ang ilang sekta. Ang Arians, ang Paulicians at Goths ay tumanggap din kay Hesus bilang propeta ng Diyos. Maging sa makabagong panahon sa ngayon, may mga simbahan sa Asya at Aprika, ang Unitarian Church, at ang Saksi ni Jehova na hindi sumasamba kay Hesus bilang Diyos.

7. Ang higit na matiim na pag–aaral ng Bibliya ay nagpapakita na ito ay nagtataglay ng malaking bahagi ng mga idinadagdag na hindi binanggit ni Hesus maging ng mga tagasulat ng apat ńa ebanghelyo. Ang simbahan, ayon na rin kay Heinz Zahernt ay "naglagay ng mga salita sa bibig ni Hesus na kailanman ay di niya binanggit at nag-akibat sa kanya ng mga gawa na kailanman ay di niya ginanap". Ang mga ganitong pagpapasya ang kinalabasan ng ilang miyembro ng simbahan. Magkagayunman, ito ay pinanatiling lihim at laan lamang sa mga bihasa. Ang isa sa mga nagpatunay ay si Rudolf Augustein na karamihan sa mga itinuturo ng simbahan tungkol kay Hesus ay walang batayan ayon sa kanyang aklat na 'Jesus, Son of Man' (Si Hesus, Anak ng Tao) na nalathala sa Alemanya noong 1972 at isinalin sa Ingles noong 1977.

8. Ang suliranin sa Kristiyanismo sa ngayon ay ang pagkatao ni Hesus na ganap na di nauunawaan. Ang kalikasan ni Hesus, ang kanyang misyon, ang kanyang hinihinuhang kamatayan at pagkabuhay, ay hinamon ng lahat ng mga pag–aaral sa ganitong larangan. Isa sa mga ito ay ang aklat na may pamagat na 'The Myth of God Incarnate' (Ang Alamat ng Diyos na Nagkatawang Tao) at sinulat ng pitong pantas ng relihiyon sa Inglaterra. Ang kanilang naging pasya ay nagpahayag na si Hesus ay "isang taong pinagtibay ng Diyos, tungo sa isang tanging pagganap na nasasakop ng maka–Diyos na layunin, at ... ang huling pananaw sa kanya bilang Diyos na nagkatawang tao ... ay isang maalamat o makamakatang paraan ng pagpapahayag ng kanyang kahalagahan sa atin". Ang mahusay na si George Carey ay nakapagsabi sa kanyang pagtatangka na mapasubalian ang mga natuklasan ng mga mag-aaral ng relihiyon na malibang tanggapin ng tao si Hesus bilang Diyos na Nagkatawang Tao, ang sinuman ay di makapagpapaliwanag ng katampukan noon sa mga tao. Ito kung gayon ay isang tiyak na mahinang argumento sapagkat ang lahat ng mga dakilang propetang tulad ni Abraham, Moses, at Muhammad ay nagkaroon ng lahat ng kagulat–gulat na pagiging tampok sa mga tao at sinuman sa kanila ay di nagpahayag na siya ay Diyos o anak ng Diyos.

9. Ang konsepto ng Trinidad sa katunayan ay hindi matutunghayan maging sa pangkasalukuyang Bibliya sa ngayon. Mayroong mga pangungusap na sumasalansang doon kagaya ng 'Ang Panginoon nating Diyos, Ang Panginoon ay iisa' (Marcos 12: 29) at marami pang iba.

10. Dito'y kasiya–siya na mabanggit na si Hesus kailan man ay hindi nagpahayag ng kanyang pagka–Diyos maging sa pangkasalukuyang teksto ng Bibliya. Ang parirala na "Anak ng Diyos" ay hindi masasabi na nanggaling kay Hesus na rin. Si Hasting sa kanyang "Ang Diksiyonaryo ng Bibliya" ay nagsabi: "Kung tunay ngang ginamit yaon ni Hesus para sa kanyang sarili ay di mapapanaligan". Sa aking pagbabasa ng Bibliya, ay natagpuan ko lamang ang dalawang pangyayari sa Juan, Kapitulo 5 at 11 na ginamit ni Hesus ang "Anak ng Diyos" upang ipakahulugan sa kanyang sdarili. Ang iba pang pangyayari ay ginamit ng iba, at maging yaon ay lubhang limitado. Magkagayon man, na kahit na nga ang pamagat na "Anak ng Diyos" ay ginamit ni Hesus sa kanyang sarili, ang mga sumusunod na mga bagay–bagay ay marapat na isaalang–alang:

a) Kagaya na nga ng sinabi ng isang pantas ng Bibliya, "Ang Semitic na paggamit ay hindi kailanman nagpapahintulot ng literal na pakahulugan kahit na nga ang ganoong parirala ay maipakakahulugan ng literal sa Hellenistic na mundo ng mga tagasunod ni Hesus (ito'y tumatalakay sa wikang Semitic sa paghahambing sa wikang Hellenistic).

b) Ang Bagong Tipan sa wikang Griyego ay gumamit sa salitang "anak" ng "pias" at "paida", na nangangahulugan ng 'tagapaglingkod', o "anak sa kaisipan bilang tagapaglingkod, ay isinalin na "anak" kung tumutukoy kay Hesus at "tagapaglingkod" kung tumutukoy sa iba sa ilang salin ng Bibliya (Mufassis, d. 15).

k) Ang pamagat na "Anak ng Tao" na siyang pansariling tawag ni Hesus ay binanggit ng 81 ulit sa Bagong Tipan sa pinakamaliwanag na paglalarawan at pagbibigay diin ni Hesus ng kanyang pagiging tao. Ang di kumukupas na pagpapakahulugan na ibinigay sa ganitong pamagat ay dahilan sa ito'y ginamit upang bigyang diin ang "taong bahagi" ni Hesus. Ngayon, ang tanong na magmumula na rin doon ay ito: Ang mga Kristiyano kaya sa pana–panahon ay nagbigay diin sa ganitong katauhan ni Hesus?

## ANG PAPA AY SUMASALUNGAT SA BIBLIYA

Ang tradisyonal na paglalahad ng Bibliya sa pagkapako ni Hesus sa krus ay yaong siya'y hinuli at pinarusahan sa krus sa pag–uutos at pakana ng punong pari at mga Hudyong nakatatanda. Ang ganitong paglalahad ay itinatwa noong 1960 ng may pinakamataas na kapamahalaan sa Kristiyano

Katoliko, ang Papa. Siya ay nagpalabas ng kalatas na nagsasabi na ang mga Hudyo ay walang kinalaman sa pagkapako ni Hesus sa krus. Ito ay tiyakang sumasalungat sa inilalahad ng Bibliya. Maaaring masabi mo: Ito ay isang pulitikal na pag–uutos. Ito ay umaalinsunod sa mga sinasabi ng mga Muslim: ang simbahan ay nagsagawa ng maraming mga elemento sa Kristiyanismo at nahikayat ng maraming mga bagay–bagay na gumawa ng kanyang pananaw sa Kristiyano hindi lamang ng pagiging pabago–bago, kundi sa kalakhan, ay sumasalungat sa mga unang anyo ng Kristiyanismo.

## ANG RELIHIYON LABAN SA AGHAM

Ang pangrelihiyong pananaw tungkol sa Diyos sa Bibliya, at ang kaugnayan ng Tao sa Diyos na inilalarawan ng simbahan ay humatak sa mga tao sa masaklap na pamimili: ang agham o Diyos. Ang karamihan sa mga nakapag–aral na tao ay dumating sa pagpapasya na ang sinuman ay di maaaring maging siyentipiko o edukadong tao at maging Kristiyano. Kaya nga't marami sa mga pilosopo, siyentipiko at ang karamihan ng tao ay nawalan na ng pag–asa upang mapagkasundo ang relihiyon at agham.

Di nagtagal, ang ganitong nakalulungkot na pagkaunawa ay naging pangkalahatan upang isama ang bawat relihiyong bunga ng impluwensiya ng kanluraning kabihasnan na karamihan ay Kristiyano. Ang buong paksa sanang ito ay hindi lilitaw bilang pangunahin kung ang mga aral ni Hesus ay di sana binago o binigyang sira. Sapagkat ito, ayon sa mga pananaw ng Islam sa ganitong bagay ay walang anumang pagkakahidwa sa gitna ng relihiyon at agham. Ang mga pang–agham na katotohanan ay isa lamang na pinagbubuhatan ng ating kaalaman sa Diyos. Ang iba pang pinagbubuhatan ay rebelasyon na gaya ng nilalaman ng orihinal na mga aral ni Hesus sa pangkasalukuyang teksto ng Koran. Ang relihiyon at wastong pang–agham na karunungan ay kapwa galing sa magkatulad na pinagmumulan: ang Diyos. Hindi Siya maaaring sumalungat sa Kanyang sarili.

Kaya nga't ang mga konsepto na tulad ng Trinidad, ang Anak ng Diyos, ang Orihinal na Sala, ang Pagtubos sa Sala atbp. na siyang naging bunga ng pagbabago at maling pagkaunawa sa kasaysayan ng Kristiyanismo ay hindi lamang nagtulak sa tao upang lumayo sa Kristiyanismo bagkus ay sa iba pang relihiyon, kasama na ang Islam na hindi nakakaranas ng ganitong mga suliranin. Ito ay dahil sa katotohanan na maraming tao ang nagpapalagay na sapagkat ang Islam ay isang 'relihiyon' (ang ganap na kahulugan ng kataga ay natatakdaan sa wikang kanluranin) ito ay katulad din ng Kristiyanismo. Iilan lamang sa mga tao ang mayroong pagnanais at kakayahan na matuklasan ang ganitong pag–aakala.

## MGA KATIBAYAN TUNGKOL SA PAGKAKALAHAD NG KORAN

Ang ganitong matibay na pag–aakala ay isa sa mga dahilan ng pag–aatubili at pag–aalinlangan ng maraming tao upang tanggapin ang pananaw ng Koran kay Hesus. Ito'y sa kabila ng katotohanan na ang ganitong bagay ay pinatitibayan ng mga sumusunod:

a) Ang unang kasaysayan ng Kristiyanismo na nagpatuloy sa tatlong dekada pagkatapos na maglaho si Hesus bilang isang sekta sa loob ng Hudaismo.

b) Ang kinaugalian ng maraming sekta at pantas na Kristiyano sa buong panahon ng kasaysayan ng Kristiyanismo.

k) Ang mga tuklas ng maraming pantas ng Bibliya at mga pang-agham na pagsasaliksik na naaangkop sa Bibliya.

d) Ang damdamin ng maraming tao (ang ilan sa kanila ay nagpapalagay na sila'y Kristiyano) na sumasampalataya sa Iisang Diyos, ngunit hindi tumatanggap na si Hesus ay Diyos o Anak ng Diyos.

Nakalulugod na mapansin na ang pinakapangunahing pagkakaiba ng pagkakalahad ng Koran at ng makabagong pananaliksik na natagpuan ng mga pantas; na ang Koran ay nagsabi ng kung ano ang sinasabi nito kay Hesus sa ngayon at sa kanyang misyon na sa nakalipas na labing apat na dantaon ay hindi nagbago ng kanyang paninindigan.

## ANG MGA KADAHILANAN NA NAKAPIPIGIL SA TAO SA ISLAM

Ang ilan sa mga ibang dahilan na maaaring nagiging sanhi ng di pagtanggap sa inilalahad ng Koran ay kinabibilangan ng:

a) Sa 'nakagawiang panghabang panahon' na pangingilag sa Islam na bahagi ng naging bunga ng Krusada at bahagi ng naging bunga ng pag–aalitan ng Arabe at Israeli sa Gitnang Silangan.

b) Kalituhan. Bagama't maraming tao ang tumatanggap sa Kristiyanismo, hindi nila batid kung nasaan ang katotohanan.

k) Panlipunang Kaigtingan at Pang–akademikong Reputasyon – Maraming tao ang nangangamba na tanggapin ang Islam sapagkat nararamdaman nila na sila'y uupasalain at ititiwalag ng kanilang mga kamag–anak at kahalubilo kung sila'y hayagang magtatakwil ng Kristiyanismo at tatanggap ng Islam. Sa pangkarunungang pamantayan, lalung-lalo na sa mga Silanganin, kung sinuman ang magsulat ng maganda tungkol sa Islam at sa Koran, walang sinuman ang magbabalik–aral sa kanyang gawa, sumipi sa mga ito o magturing niyon bilang isang gawang pang–aralin. Maaari rin siyang wasakin

ng maparaan. Ang 'Washington Post' noong ika-5 ng Enero, 1978 ay nag-ulat na si Dr. Robert Alley, isang propesor sa University of Richmond ay natiwalag bilang pinuno ng Kagawaran ng Relihiyon doon sapagkat isa siya sa nananalig na si Hesus kailanman ay di nag-angkin bilang Anak ng Diyos Pagkaraan ng matamang pananaliksik sa matandang kasulatan na kababagong natuklasan, si Dr. Alley ay nagpahayag:

Ang mga talata ng Bibliya kung saan si Hesus ay nangungusap ng tungkol sa anak ng Diyos ay mga karagdagan na lamang ... sa mga sinasabi ng simbahan tungkol sa kanya. Ang gayong pag-aangkin ng pagka-Diyos sa kanyang sarili ay hindi tumutugma sa kanyang naging habambuhay na pamumuhay na ating mapapanumbalikan. Sa mga unang tatlong dekada pag-karaan ng kamatayan ni Hesus, ang Kristiyanismo ay nagpatuloy bilang isang sekta sa loob ng Hudaismo. Ang unang tatlong dekada ng pamamalagi ng kanyang simbahan ay nasa loob ng sinagoga. Ito'y magiging malayo sa paniniwala kung sila (na tagasunod) ay tandisang nagpapahayag ng pagka-Diyos ni Hesus.

## ISLAM: ANG LIKAS NA PANAWAGAN

Bagama't mayroon ng mga ganitong dahilan, at ilan pang iba na hindi ko nabanggit, maraming mga tao ang tumatalima sa katotohanan: Ang Islamik na pananaw tungkol kay Hesus at iba pang malalaking paksain ay nakapag-papagising sa mga taong napagpapaliwanagan ng gayong bagay bilang isang bagay na makatuwiran at isang bagay na kanilang pinanananganan sa kanilang sarili bagama't sila'y walang kabatiran. Ito at ang mga iba pang katangian ang lumikha sa Islam bilang relihiyon sa mundo na may pinakamabilis na paglago sa habang panahon ng kasaysayan. Ito ay nakapang-aakit maging sa mga taimtim na Kristiyano sapagkat natuklasan nila na ito'y:

a) Ang Islam ay hindi nagtatakwil kay Hesus bagkus ay naglalagay sa kanya sa tamang kalalagayan sa mahabang hanay ng mga nilalang na nagdala ng tunay na kaligtasan sa sangkatauhan. Sa katotohanan, sila ay nakapag-tatamasa ng bagong sukatan ng kanilang pagkaunawa sa Diyos, sa pagiging propeta at rebelasyon.

b) Kung ang Kristiyanismo at Hudaismo (o sa gayong bagay ang kahit anong relihiyon) ay tinitingnan mula sa Islàmik na pananaw, ito'y umaakma ng maayos sa pangsantinakpang balangkas ng kaisahan ng Diyos at ng Kanyang mga balakin para sa sangkatauhan. Higit pa rito, sinuman ay maliwanag na makakaunawa kung bakit may mga agwat o pagkakahidwa sa pagkakahayag ng Bibliya tungkol sa ilang piling paksain.

k) Ang Islam ay nagtuturing sa kanyang sarili bilang panghuling sagka sa mahabang kawil ng rebelasyon. Ito'y nagbibigay ng katiyakan sa mga tagasunod ng nakaraang pananalig ng malaking gantimpala kung kanilang idaragdag ang pananampalataya sa Islam sa kanilang pananampalataya ng kanilang nakaraang pananalig. Ang Propetang si Muhammad ay nagsulit: "Siya na sumasampalataya sa kanyang relihiyon at nanalig sa mga ipinahayag sa akin ay makalawang ulit na gagantimpalaan (ng Diyos)". Ang isa ay ang pananalig sa kanyang pananampalataya at ang isa pa ay pagkilala sa katotohanan at paniniwala sa Islam.

Sa kabuuan, ang Islam ay nagtuturing kay Hesus bilang isa sa mga dakilang propeta ng Diyos. Ang kanyang layunin ay upang mangaral ng Kaisahan ng Diyos at akayin ang tao sa kanyang Panginoon. Siya kailanman ay di nag–angkin ng higit pa sa pagiging tagapaglingkod ng Diyos. Ang mga pahayag sa Koran ng kanyang buhay at misyon ay pinatutunayan ng nag–uumapaw na katibayan. Ang mga Muslim ay naniniwala at naghihintay sa Pangalawang Pagdatal ni Hesus. Siya ay paparito hindi bilang isang Diyos upang hatulan ang mga di Kristiyano, subalit bilang si Hesus, ang tagapag-lingkod ng Diyos. Ang kanyang pagparito ay upang itumpak ang mga pag–aakala na ini–akibat ng mga tao sa kanyang katauhan at misyon. Ayon sa sawikain ng Propetang si Muhammad, siya ay mamamalagi sa mundong ito ng apatnapung taon na siyang pinakamaligayang sandali ng kanyang buhay. Sa panahong yaon, ang lahat ay mananalig sa kanya bilang isang sugo at hindi Anak ng Diyos. Magkagayon man, papaano naman ang mga tao na hindi na makakasaksi hanggang sa kanyang pangalawang pagparito. Makabubuting gawin na nila ngayon!

* * * * *

**MGA IBA PANG BABASAHIN SA ISLAM AT KRISTIYANISMO**

M.M.Picthall, Ang Kahulugan ng Maluwalhating Koran
T.B.Irving, at iba pa, Ang Koran: Mga Pangunahing Aral
Hamuda Abdulati, Ang Islam sa Pananaw
M. Qutob, Islam: Ang Di Nauunawaang Relihiyon
B.H.Bawany, Islam: Ang Una at Huling Relihiyon
Maurice Bucaille, Ang Bibliya, Ang Koran at Agham
Maurice Bucaille, Ang Pinagmulan ng Tao
Lordsale at Laura Ragg, Ang Ebanghelyo ni Barnabas
Muhammad Ata-ur-Rahman, Si Hesus: Ang Propeta ng Islam
Rudolf Augustein, Si Hesus ang Anak ng Tao
John Hick, Ang Alamat ng Diyos na Nagkatawang Tao
S.S.Mufassir, Si Hesus sa Koran

Ang ilan sa mga aklat na ito at iba pa tungkol sa Islam ay matatagpuan sa:

World Assembly of Muslim Youth (WAMY)
(Katipunáng Pandaigdig ng Kabataang Muslim)
P. O. Box 10845
Tel. (01) 464-1163
Riyadh–1143, Saudi Arabia.

O sa pinakamalapit na Sentrong Pang–Islam sa inyong bahagi ng mundo.

**PAGPAPAKILALA**

Ang Islamik na pagkakahayag ng buhay ni Hesus at ng kanyang misyon ay tunay na makatuwiran at naglalagay kay Hesus sa tamang kalalagayan sa gitna ng mga dakilang sugo ng Diyos sa sangkatauhan. Bagama't ang pananaw ng Islam kay Hesus ay sumasang–ayon sa mga inaakala ng maraming tao, ito kung minsan ay itinatakwil sapagkat ito ang sinasabi ng Islam tungkol sa kanya. Magkagayon man, ang mga pumapasok sa Islam ng may bukas na isipan at malaya sa pagkiling ay makatatalima sa makatuwiran at pagiging kapani–paniwala ng pagkakapahayag tungkol kay Hesus. Ang kalalagayan ng Islam ay lubhang pinahahalagahan ng mga nakilaban sa mga maraming doktrina ng Kristiyano na tumuturol sa katauhan ni Hesukristo.

Ang sumusunod ay isang liham na aking tinanggap sa isa sa mga tagapanood na sumusubaybay sa aking palatuntunan: Islam in Perspective (Ang Islam sa Pananaw) na isinasahimpapawid ng Saudi Arabian Television, sa Second Channel. Ito ay isang sagot sa dalawang paksa ng pagtalakay tungkol kay Hesus na: Si Hesus sa Islam. Isinama ko ang liham na ito dahil sa sumusunod na kadahilanan:

1. Ang may–akda ay isang bihasa sa ganitong paksa at isang mag–aaral ng relihiyon at may nilalayong tagapaghanap ng katotohanan.

2. Ang may–akda ay isang nananampalatayang Kristiyano na nakababatid ng damdaming Kristiyano at paniniwala tungkol kay Hesus.

3. Ang paliwanag ng may–akda kung paano ang mga Kristiyano ay lumihis sa mga tagubilin at misyon ni Hesus ay ganap na makatuwiran at nagpapaliwanag sa pangkasalukuyang paniniwala ng Kristiyano tungkol kay Hesus.

Nais kong pasalamatan ang may–akda sa kanyang panintulot na aking maisama ang kanyang liham sa paglalathalang ito.

* * * * *

**BAKIT PINANININDIGAN NG MGA KRISTIYANO NA SI HESUS AY ANAK NG DIYOS**

**Mahal na Ginoo,**

**Assalamo Alaikum Wa Rahmatullah**

**ANG AKING OPINYON TUNGKOL SA TINALAKAY SA INYONG PALATUNTUNAN**

Ako'y lubhang naging interesado sa inyong tinalakay sa TV dahil ito ay isang paksa na aking tinalakay na rin ng maraming ulit, bilang isang mag-aaral ng relihiyon, at maging sa labas ng pangkarunungang kapaligiran, sa maraming bahagi ng mundo.

Bilang isang Muslim na Inglis na yumakap sa Islam (convert) na naninirahan sa ngayon sa Saudi Arabia, aking natagpuan ang maigting na pagkakasalungatan ng mga lipunan, na nakapagpapagising sa isipan mula sa maraming bagong bagay.

Sa turol na pagtanaw sa katauhan ni Hesus at ni Maria na ipinaliliwanag sa Koran, at sa Ebanghelyo ng Bagong Tipan, makikita natin ang dalawang magkasalungat na pananaw – na ang Kristiyano ay nagtuturo na si Hesus ay 'Anak ng Diyos' at ang Koran na nagpapabulaan sa lahat ng gayong pag-aangkin. Sa gayon, ito'y naging pangangailagan upang makagawa ng tanong kung BAKIT kinakailangan sa mga naunang Kristiyano na gumawa ng gayong pag-aangkin tungkol kay Hesus, na kung tutuusin, siya (Hesus) ay hindi gumawa ng gayong pag-aangkin sa kanyang sarili.

Ito ang aking opinyon na ang kasagutan ay magiging maliwanag kung ating pag-aaralan ang mga batayan sa relihiyong Islam at Kristiyanismo. Bilang Muslim, ang ating pananalig ay nasasalig sa Diyos at sa Kanya lamang, at sa Koran – ang salita ng Diyos sa Kanyang Propetang si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na ating pinanaligan – bilang isang tunay na Propeta ng nag-iisang Diyos. Si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay tagapaglingkod ng Diyos – matapat at masunurin at ganap na tao – siya ay nanatiling kasangkapan para sa layunin ng Diyos upang akayin ang Kanyang mga tao na muling magbalik-loob sa Kanya.

Ngayon, sa ganap na pagkasalungat, ating pagbalingan ang Kristiyanismo – isang relihiyon na itinatag na di salig sa Diyos, o sa Kanyang kasulatan – sapagkat walang 'kasulatan' kundi pagkaraan lamang ng 150 taon makaraan ang kamatayan ni Hesus. Ang Kristiyanismo ay nagawang

maitatag sa sariling katauhan na rin ni Hesus. Sa pagbibigay na rin ng paulit-ulit na pagbibigay diin sa nakapanghihikayat at kamangha–manghang katauhan ni Hesus na di nakagawa at nakapangyari na ilarawan ang bisa ng Propeta sa lahat ng dumarating sa kanya sa pang–araw–araw na pananalita – nagpatuloy pa rin ang pagdaragdag ng mga katangian sa kanyang reputasyon – isang tao na nakagagawa ng mga himala, na nakapagpapanumbalik ng buhay sa mga patay, na nakapagpapagaling ng mga ketongin, na nakapagpapagaling ng mga bulag – ang lahat sa pamamagitan ng Diyos, ay tunay na lubhang kamangha–manghang tao – na biniyayaan ng Diyos – na isinilang sa kagustuhan ng Diyos upang gumawa sa Kanya ng paglilingkod. Subalit makaraan ng kanyang kamatayan, ang 'mahiwagang' katauhan ay marapat na maging buhay at ang 'Anak ng Diyos' ang lumantad na naaangkop upang patotohanan ang kanyang mga gawa.

Ang mamuhay sa lipunan na malinamnam na binigyang lasa ng mga diyos ng Griyego–Romano, na ang lahat ay malaking tao (super human), ang mga nakapag–aral na mga unang Kristiyano ay tiyak na naimpluwensiyahan ng kanilang mga kapaligiran. Si Pablo na rin, ang isa sa mga dakilang guro ng Kristiyanismo, ay isang Hellenistikong Hudyo, na kailanman ay hindi nakakita o nakadaupang palad ni Hesus sa panahon ng kanyang buhay. Gayon man, ang karamihan sa kanyang ini–ulat na mga kalatas ay nagpapakita ng naging impluwensiya ng mga panahon na kanyang pinamuhayan. Ang 'Buhay na Panginoon' ay makikita sa kanya.

Ang mahimalang kalikasan ng pagkasilang ni Hesus ay makapagbibigay din ng katibayan sa ideya ng katauhan ni Hesus bilang anak ng Diyos. Ngunit ito ay waring pambata sa kanyang 1 + 1 = 2 na tipong pilosopya, alalaong baga, hiningahan ng Diyos ang sinapupunan ni Maria – si Maria ay nagsilang kay Hesus, samakatuwid ang Diyos ang ama ni Hesus at si Hesus ay Kanyang anak.

Ngunit ang nakakaligtaan ng mga Kristiyano na makita, at maunawan, na sa pagkapanganak ni Hesus at ng pagdadalangtao (ni Maria), tayo'y nakamamalas ng nakasasaling ng damdamin at kagila–gilalas na kapahayagan ng Kabutihan ng Diyos.

Ang Koran at mga kasulatan ng Kristiyano ay nagpapahayag sa atin na si Maria ay isang sumisibol na dalaga na may namumukod na kalinisan ng katawan at isipan, na sumilang sa sangmaliwanag na nakalaan nang maging tagapaglingkod ng Diyos, na biniyayaan ng Diyos, samantalang Siya'y nagbibigay ng biyaya sa sinagoga upang siya (Maria) na rin ay makapagpamalas ng maliliit na 'mahimalang' pangyayari sa pamamagitan ng Diyos. Tunay nga

ang pagiging likas nito, na ang Diyos ay pumili kay Maria upang maging daan kung papaanong ang kanyang bagong propeta ay isisilang sa mundo – na pumili ng paraan upang ang kanyang taimtim na kapurihan ay di madungisan. Siya (Maria) ay naglingkod sa Diyos, ngunit sa dahilang ito, Siya, sa Kanyang walang hanggang kabutihan ay nagpamalagi ng kanyang (Maria) kalinisan. Katotohanang ito ay di nangangailangan ng pagbibigay gayak – na walang pag–aangkin sa pagiging 'Anak' ng Diyos. Tunay ngang ito ay likha ng Diyos, ngunit hindi Anak sa pamamagitan ng Ama. Maliwanag na hindi ito ang nilalayon.

Sa katunayan, lubhang mahabang panahon ang lumipas bago naisulat ang anupamang mga sawikain at aral ni Hesus, na nagpahintulot rin sa 'Tradisyong Pagsasaysay' (oral tradition) kung paano ito ay nagsali't saling sabi, na lubhang nakapagdulot upang mabago ang orihinal. Magkagayon man, sa pamamagitan ng tatlong pinatibayang ebanghelyo (na ang kay Juan ang panghuling naisulat at di maitatatwa na naglalaman ng maraming pang-relihiyong doktrina) si Mateo, si Lucas at si Marcos sa kabila ng anumang pagbabago – ay naglalarawan kay Hesus bilang may tahimik ngunit may nakapang–aakit na katauhan – isang Propetang pinatnubayan ng Diyos, na may dakilang pag–ibig sa sangkatauhan, na isinugo upang gisingin ang kamalayan ng tao sa Diyos, sa lahat ng anggulo ng buhay, si Hesus ay nagtangka na buksan ang ating mga mata at ang ating mga puso sa lalong higit na dakilang pagkilala natin sa Diyos – isang di makasariling pagsusuri ng ating mga gawain, at upang pag–ibayuhin ang ating Pananampalataya at Pananalig sa Diyos. Tanging sa paggawa, sa pamamagitan ng payak na Pananampalataya at Pananalig sa isang sanggol, ang Kaharian ng Diyos ay papanaog sa Sangkalupaan – ang ganitong ideya ay maraming beses na inuulit sa marami niyang (Hesus) sawikain na naiulat. Ang kanyang (Hesus) pagiging malapit sa Diyos ay nagpapatunay ng kanyang lakas na kanyang natatamo sa kanyang mga pagdarasal, at sa kapangyarihang ipinagkaloob sa kanya ng Diyos, upang magsagawa ng mga himala. Magkagayon man, sa lahat ng ganitong kapangyarihan at pagsasagawa ng mga karunungan ng Diyos, siya ay hindi kailanman nagtaguri sa kanyang sarili bilang Anak ng Diyos. Sa salitang 'Anak', sa kaisipan ng paggamit ni Hesus, tayong lahat ay mga anak ng Diyos, tayo'y Kanyang mga anak na lalaki at babae, dito sa lupa, at dahil doon si Hesus ay nagturo sa mga tao upang manalangin ng: Ama namin, na nasa langit'.

Sa gitna ng aktuwal na dami ng mga salitang kanyang binigkas o maaaring nabigkas sa kanyang pangangaral, ilan lamang sa mga kahabag-habag, at hindi lahat ay mapapanaligan, ang naitala. Si Hesus ay lumalabas na pa-

ngunahing nagbibigay pansin sa mga dukha, sa mga naaapi, sa mga itinataboy, sa mga maysakit at hindi nagpapahintulot ng mga mapagpaimbabaw na kabanalan at walang kabuluhang 'dalit' ng mga tinatawag na 'banal'. Ang kanyang panawagan ay sa mga puso ng mga tao, at ang kanyang paksa ay sangkatauhan at pag–ibig. Nangangahulugan bang nais niyang magtatag ng simbahan? Naniniwala ako na ito'y kanyang nais – ngunit hindi sa paraang kung paano natin napagmamalas ang simbahan sa ngayon : si Hesus ay praktikal at siya rin ay ispiritwal. Ako ay naniniwala na nais niyang lumikha ng isang lipunan ng pamayanan na ang Pananampalataya sa Diyos ay makapagbibigkis sa bawat isa sa kanila na hindi kumikilala sa lahi at pananalig (creed), sa isang uri ng pampamilyang pagpapasunuran sa ilalim ng pamamatnubay ng Diyos. Hindi nga lubhang maliwanag sa kanyang mga aral na itinuring niya ang kanyang sarili bilang nagniningning na liwanag sa pagsasakatuparan nito. Siya ay higit na kumikiling na nagtuturing sa kanyang sarili bilang isang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos.

Sa pagtataas sa kanya (Hesus) sa di kapani–paniwalang tayog, ang unang tagasunod na Kristiyano ay naghatid sa kanilang sarili ng di magwawakas na mga suliranin sa pagpapaliwanag sa hinihinuhang pagkamatay niya sa krus – at mula rito ay lumitaw ang doktrina ng nagdurusang tagapaglingkod, na lumitaw sa mga matatandang kasulatan ng Hudyo – na binabanggit sa Isaiah, ng doktrina ng Sakripisyo para sa mga kasalanan ng tao, at sa naging kinahinatnan ng pagiging tangi ni Hesus – na siyang lubhang mahalaga sa mga unang Kristiyano. Ang isang pagano ay maaring maging matapat ng pantay–pantay sa maraming 'diyos', subalit sa Kristiyanismo, ito ay di makapangyayari. TANGING ang pananampalataya lamang kay Hesus ang maaasahan ng mga Kristiyano upang magkamit ng kaligtasan – TANGING sa pagtanggap lamang ng kanyang kamatayan para sa sala ng tao – at TANGING sa pananalig lamang ng kanyang pagkabuhay na muli (sapagkat bilang anak ng Diyos, ang Diyos ay marapat na magtaas sa kanyang muli) na ang Kristiyano ay makaaasa upang magkamit ng Paraiso. Ang iba pang landas ay kamatayan – bagama't ito ay naglalagay ng tiyakan kay Hesus sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang nilikha – isang kalalagayan na hindi niya pinanghawakan sa panahon ng kanyang pamumuhay sa Mundo.

Ang doktrina ay nagkakabuhol–buhol, at makikita natin sa kasaysayan ng simbahan, at walang katapusang mga pulong, mga kaisipan at argumento tungkol sa katauhan ni Hesus – siya sa ngayon, sa katotohanan ay naging di mapanghahawakan sa pagiging tunay, at higit pa roon, siya ay naging di pangmundo at may banto ng ispiritwal na katauhan na nababalot sa walang katapusang doktrina at kautusang pananampalataya – na lubhang malayo sa

payak, sa maginoong personalidad na ginawaran ng Diyos ng lubhang maraming kapangyarihan upang siya'y makapagdala ng kamalayan sa Kanyang mga nilikha. Hindi kaya ang simbahan ang lumupig sa pansariling layon ni Hesus – ang kapayakan?

Makikita natin sa Trinidad – Ama – Anak – at Banal na Espiritu marahil ang katuparan ng pagsisikhay ng mga tao na nakikipagtunggali para sa 'Kataasan' ng pangrelihiyong pagpapahayag at nakapagkakamit ng kahiwagaan, na ilang Kristiyano lamang ang makapagpapaliwanag sa ngayon.

Ang espiritu ng Diyos ay tunay sa mga panahon ni Moses at Abraham kung paano rin ito sa panahon ng Propetang si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ito ay hindi kinakailangan na ipiit sa nasasakop ng "gawa–ng–tao" na tatsulok. Si Hesus ay hindi rin nagtambal sa kanyang sarili ng anumang uri ng ganitong kaisipan.

Nakalulungkot isipin, na sa pagdatal ng Islam, ang mga Kristiyano ay nakadama na sila'y nakamalas ng pagdatal ng 'huwad na propeta' o ng Anti–Kristo na binabanggit sa Aklat ng Rebelasyon kay Juan (Bagong Tipan). Higit na nakalulungkot, na ang marangal na tao na nagsagawa ng Pangalawang Krusada laban sa Muslim ay binigyan ng kopya ng Koran na isinalin (sa ibang wika) upang kanyang mabasa ay nagwalangbahala roon. Ito ay nakalulungkot sapagkat ito ay nagpamalas ng isang pakikitungo sa Islam na ating mamamalas kahit na sa ngayon – na pinanatiling buhay sa kasaysayan ng mga krusada, at itinatag sa ganap na kamangmangan. Nasa sa mga Muslim ang kapasiyahan sa ngayon, na kanilang ipaglaban ang kanilang pananampalataya at sa mga Kristiyano na kahit sa maliit na paraan ay naisin nilang malaman ang kahulugan ng Islam. Natitiyak ko na sa marami, ang Islam at ang kanyang mga aral ay magiging tulad ng gabundok na daloy (ng tubig) sa disyerto, sa mga tigang na kaluluwa ng marami na naghahanap ng katotohanan.

Wassalam.

Matapat na sumasainyo,

Gng. Zahra Aziz

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات
بالعليا والسليمانية وشمال الرياض

تحت إشراف
وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

**فلبيني**
**(تاجالوج)**

# حقيقة عيسى عليه السلام

تأليف
**د. مانع بن حماد الجهني**


هاتف: ٤٧٠٤٤٦٦ - ٤٧٠٥٢٢٢ ناسوخ: ٤٧٠٥٠٩٤
ص.ب: ٨٧٩١٣ الرياض: ١١٦٥٢ المملكة العربية السعودية


شركة الراجحي المصرفية للاستثمار
حساب الصدقات ٥ / ٦٦٦٦ الورود (٣٤٩)
حساب الزكاة ٠ / ٦٥٥٥ الورود (٣٤٩)
حساب الوقف ٥ / ٩٥٥ المزرعة (٤٤٦)